



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

**ANG PAGMAMAHAL SA ATING PROPETA MUHAMMAD(SAW) AY
KINAKAILANGAN**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang banal na Propeta(saw) ay ang taong dapat ating pinakakamamahal, pinakaninana, at pinakanirerespeto. Ang Shaytan at kanyang mga alagad ay di matanggap ito at kanilang dinala sa kasamaan ang kalahati ng mga muslim.

Salamat sa Allah na sa Ottomans ang lugar na ito, ating mga ninuno. Andito pa rin ang Caliph, andito din ang Ottomans. Sa labas ang mga Wahhab-Salafi ay parang cancer, kinuha na nila ang kalahati ng Ummah at patuloy na dumadami. Marami ng masama ang nangyari sa kanila pero di pa rin sila nagbabalik loob. Sila ay kinulong na ng Shaytan. Walang halaga ang kahit na ano pag di natin mahal ang Propeta Muhammad(saw).

May mga paaralan din dito. Pinapadala nila ang mga anak nila doon dahil reliyosong paaralan daw pero di naman nagtuturo ng pagmamahal sa Propeta Muhammad(saw). Protektahan nawa sila ng Allah. Walang makakapasok sa Jannah dahil sa kanilang sariling Amal o Ibadah. Kinakailangan natin ang Rahma ng Allah at Shafa'a ng ating Propeta Muhammad(saw). Ito ay napakahalaga.

Tinatawag sila ni Hazrat Shaykh Mawlana (QS) na "Squareheads, fools!" dahil sa wala silang pag-iisip. May mga tao na nag-aaral at di maintindihan kung bakit siya nag-aaral, mas nakabubuti pa ang magbasa ng kaunti at ito'y iyong maintindihan kaysa magbasa ka nga ilang libong libro. May mga taong may kakayanan magbasa at makaunawa ng libong libro pero may iba din na di makaintindi ng kahit dalawang linya.

Kaya dapat depende ito sa kakayanan, kahit dalawang linya lang basta't ito'y iyong maunawaan ito'y Ilm na. Mas nakabubuti na kanyang sabihin na dalawang linya lang ang aking kayang maunawaan. Ito'y dapat maintindihan na ang halaga ng Propeta Muhammad(saw) ay mas mahala sa pagbabasa ng libong libro kung ang kalalabasan naman nito ay mapapadpad ka sa maling landas.



Khalifa 2. Shafaat

Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

May mga tao na nagbabasa ng Qur'an at napapadpad sa maling landas pa rin. Kapag sinundan ng isang tao ang kaniyang sarili(Nafs), mapapadpad ka talaga sa maling landas. Kaya wala talagang makakasabi na ang Qur'an lang ang tangi at nag-iisa kong gabay.

Mapapadpad ka sa maling landas sa Pagbabasa ng Qur'an kapag wala kang pagmamahal sa Propeta Muhammad(saw), Kapag wala kang respeto sa kaniya. Nawa'y panatlihin tayong ligtas ng Allah. Bigyan nawa sila ng Allah ng Hidayah at tayo rin. Nawa'tt di tayo mapadpad sa maling landas In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
21 November 2016/21 Safar 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah